

PROLOGUE

Isla ng Corregidor, ika-2 ng Mayo, 1942

Tahimik ang gabi. Kalmado ang dagat. Mahina ang hanging bumubulong lamang ng mga sikreto sa kanyang tainga. Nababalutan ng milyun-milyong bituin ang langit pero hindi iyon nakikita ni Salome. Halos bulag na siya sa luhang pinipigilan niyang mahulog mula sa mahapdi nang mga mata. Hindi siya magaling magsinungaling pero ngayon, kakayanin niya. Para sa ikabubuti ng binatang siyang nagmamay-ari ng puso niya.

Bukas, susunduin ng USS *Spearfish*, isang submarine ng *US Navy*, ang ilang medical personnel na nananatili pa sa isla bago tuluyang lumala ang pag-atake ng mga Hapon. Bilang opisyal ng *US Navy*, mananatili si Lt. Commander Kenneth Engle sa isla na siyang huling depensa ng Pilipinas laban sa mga manlulupig.

“Why are you doing this?” Mababa ang tinig ni Kenneth.

Nakatingin lamang sa kanya ang binata habang nakatayo silang dalawa sa gilid ng isang bangin sa tabi ng dagat.

“Because I realized that I was just caught up in the idea of a wartime romance,” aniya, walang ekspresyon ang mukha kahit pa nagdurugo ang kanyang puso. “It sounded like a movie, and things that happen in movies aren’t real.”

“I love you,” matigas na saad nito. Derecho itong nakatingin sa kanyang mga mata, sa kanyang kaluluwa, na para bang binabasa nito ang laman ng isip niya.

Nagkibit-balikat siya, isang kilos na nagpapahiwatig na wala siyang pakialam. “I thought I loved you,” sabi niya. “I’m not going to lie. I did need you. You were good in bed.”

Nagkuyom ito ng palad. Dapat ay natakot siya na baka saktan siya nito pero alam niya, sa puso niya, hinding-hindi siya nito sasaktan. Hinding-hindi nito gagawin sa kanya ang ginagawa niya rito ngayon.

Hindi na iyon kailangan. Dahil sa pagwasak niya sa tiwala nito, sa pagbalewala niya sa pag-ibig nito, nararamdaman niya ang bawat patak ng dugo mula sa pareho nilang basag nang mga puso.

“I’m leaving on the *Spearfish* tomorrow,” patuloy niya. “I didn’t want to tell you, but I thought it was the right thing to do.”

Hindi na sumagot si Kenneth. Marahas siya nitong tinalikuran. Huminga siya nang malalalim. Kailangan na niyang umalis. Alam niyang kapag nanatili pa siya na kasama ito, magbabago ang kanyang isip. Lalapit siya rito, yayakapin ito at hihingi ng tawad. Sasabihin niya rito na gusto lamang niya itong iligtas sa sumpang humahabol sa kanyang pamilya.

Dahil kung magpatuloy ang relasyon nilang dalawa, magkakatotoo ang nakita ng kanyang Ate Conchita, na

mamamatay si Kenneth na ipinagtatangol ang isla.

Inikot niya paalis sa daliri ang suot na singsing na bigay ng nobyo. “I’m giving you your ring back.”

“Keep it,” marahas nitong saad. “Let it remind you of what you’ve wasted.”

Tumango siya kahit hindi siya nakikita nito, ibinalik sa kanyang daliri ang singsing. Magiging tagapagpaalala niya iyon, oo, pero hindi ng mga bagay na sinayang niya, kundi ng lalaking minahal niya nang lubos.

“Goodbye, Kenneth,” bulong ni Salome bago siya tumalikod at naglakad palayo.

“Sally,” tawag nito na puno ng paghihinagpis ang tinig. Tumigil siya pero hindi lumingon. “Sally, please,” pabulong na nitong saad. Tumulo na ang luha niya at pinigil niya ang paghinga. “Please don’t do this.”

Hindi siya sumagot. Muli siyang nagsimulang maglakad palayo. Pakiramdam niya ay una na siyang namatay. Pero kung ito ang kapalit ng kaligtasan ni Kenneth, paulit-ulit na papatayin ni Salome ang sarili magkaroon lamang ng mahaba at masayang buhay ang lalaking mamahalin niya hanggang sa kamatayan.

1

Present Day

Nagmulat ng mga mata si Soraya Medrano at kumunot ang kanyang noo nang makita ang mga bituin sa kalangitan imbis na ang kisame ng kanyang silid. Napabalikwas siya at pabaling-baling na tiningnan ang paligid. Inabot din ng ilang segundo ang kanyang pagod at puyat na utak bago niya nakilala ang hardin sa likod-bahay.

Naupo siya at pinagpagan ang mga braso kung saan dumikit ang mga damo. Basa ng hamog ang likod niya. Mukhang nag-sleepwalk na naman siya. Mabuti na lang at hindi siya lumabas ng gate.

Noong bata siya, sa kalye na siya naabutan ng kanyang lola nang minsang maglakad siya nang tulog. Wala siyang naaalala sa ginagawa niya maliban sa mga pira-pirasong imahe ng mga panaginip habang naglalakad siya. Minsan may tumatawag sa kanya, nag-aanyaya na sumunod siya. Minsan may tinatakbuhan siya.

Tumayo siya at nagtungo sa bukas na pinto ng kusina. Walang ilaw sa ibaba ng kanilang bahay. Kumukurap ang oras sa kanilang microwave oven. Eksaktong alas tres ng madaling araw ayon sa matinkad na berdeng digital numbers.

Witching hour, isip niya. Iyong oras kung kailan lumalabas daw ang mga multo at kung kailan mas mabisa ang kapangyarihan ng mga mangkukulam. Kinusot niya ang kanyang mga mata.

Isinara niya at ini-lock ang pinto ng kusina bago umakyat ng hagdan patungo sa kanyang silid. Tahimik ang buong bahay. Nasa kani-kanyang silid ang kanyang mga kapatid. Doon din natulog nang gabing iyon ang kanyang Kuya Ethan at Kuya Joshua.

Alam niyang gusto iyon ng kanyang mga ate nang sa gayon ay mas mabantayan nang maigi ang lalaking mahal ng mga ito. Gusto naman iyon nina Ethan at Joshua dahil sa isip ng dalawa, sila ang nagbabantay sa kani-kanyang nobya.

Isang linggo pa lamang ang nakalilipas nang masunog ang kanilang boutique—ang *Wiccan*. Hindi na yata naubos ang nakalista sa To-do list niya, mula sa pagpunta ng Quiapo para bumili ng mga supplies hanggang sa paunti-unting muling pagbuo ng mga accessories na pansamantala nilang ibinebenta online habang hindi pa muling nare-renovate ang unang branch ng boutique nila at hindi pa nasisimulan ang ikalawa. Madalas din silang kausapin ng mga pulis at mga imbestigador tungkol sa pagsabog ng tindahan.

Si Imelda, ang babaeng binigyan ng kanyang Ate Cleo ng trabaho. Ito ang may pakana ng lahat. Hindi niya alam kung bakit hindi niya kaagad nakitaan ng masamang motibo ang babae. Siya na empath at telepath sa kanilang pamilya. Huli na ang lahat nang mabasa niya ang kadiliman sa kaluluwa nito.

Pumasok siya sa kanyang silid at itinulak pasara ang sliding lock sa kanyang pinto. Kailangan yata niya muling gamitin iyon gabi-gabi. Kung sakaling mag-sleepwalk siyang muli, mas mahihirapang iproseso ng kanyang tulog na utak na alisin ang lock na iyon kaysa sa kung lock lang sa doorknob ang gagamitin niya.

Nag-shower siya at nagpalit ng damit bago bumalik sa kama. Papatayin na sana niya ang ilaw nang mapansin ang singsing ng isa sa kanyang mga lola sa ibabaw ng side table. Inabot niya iyon at pinagmasdan ang simpleng disenyo. Ginto iyon na may isang matinkad na asul na sapphire na napapagitnaan ng dalawang maliliit na diamante.

Isinilid niya sa isa niyang daliri ang singsing at napangiti dahil kasyang-kasya iyon sa kanya. Parang isinukat.

Pero alam ni Soya na hindi siya mag-aasawa. Kung talagang mahal niya ang isang lalaki, alam niya sa sarili niya na hindi niya kakayaning ilagay ito sa panganib. Malaki ang respeto niya sa katapangan ng kanyang mga ate at kuya pero hindi siya ganoon.

Isa pa, hindi siya iyong tipo ng babae na nakikita ng isang lalaki na makakasama nito habambuhay. Kadalasan, kilala siya bilang isa sa mga Medrano o kapatid ni Cleo o ni Cordie o ni Alethea. Siya iyong pinakikiusapan ng lalaki na iabot ang bulaklak sa isa sa mga ate niya o ireto ang mga ito sa bunso nila.

No man saw her as her—Soraya. At sa takbo ng buhay niya, hindi na siya umaasang may lalaki pang makakakita sa kanya.

Sa katumayan, sana wala nang lalaking magkainteres sa kanya.

Muli niyang inalis ang singsing at ibinalik iyon sa ibabaw ng mesa bago pinatay ang ilaw. Nahiga siyang muli at hinila ang kumot hanggang sa kanyang baba. Pinakiramdaman niya ang dilim, ang katahimikan at ang kanyang pag-iisa. It was exactly how she wanted her room and her life.

Bumaling siya sa kanan, niyakap ang kanyang unan at pumikit. Mabilis na siyang nakatulog at hindi na dinalaw pang muli ng panaginip.

Matinding init ang sumalubong kay Kendrick Tuazon pero hindi niya iyon pinansin. Huminga siya nang malalim at pinuno ng polusyon ng Maynila ang kanyang baga. Napangisi siya. After two years, he was home.

Dala ang kanyang carry-on luggage, naglakad siya palabas ng arrivals area ng *NAIA* Terminal 2. Mas lumawak ang ngisi niya nang makita ang dalawang lalaki na naghihintay sa kanya.

“Nandito na pala ang muchacho at ang driver ko, ah,” bati niya.

“Ulol,” sagot ni Joshua bago siya mahigpit na niyakap.

“Missed you, too, Bro,” biro niya bago binalingan si Ethan na mahigpit din siyang niyakap.

“Bango mo. Amoy balik-bayan,” tawa ni Ethan bago siya pinagmasdan. “Lalo kang nagmukhang Kano.”

“Ah, well,” tawa niya.

Inabot ni Josh ang kanyang mga bagahe. “Ano’ng pasalubong mo?” tanong nito habang itinutulak ang trolley patungo sa gilid ng kalsada kung saan huminto ang isang SUV.

“Ano pa? Di chocolates saka corned beef at *Spam*.”

Tumatawa nilang isinakay ang kanyang mga bagahe sa likod ng sasakyan.

“Gusto mo muna bang kumain o derecho na tayo sa bahay n’yo?” tanong ni Ethan na naupo sa passenger seat.

Sumakay si Kendrick sa likod at ilang beses na nauntog ang tuhod sa mga upuan sa harap ng sasakyan. Isa rin iyong indikasyon ng pagiging one-half Kano niya. He was six feet, two inches tall.

“Kain muna tayo,” aniya matapos magpasyang itagilid na lang ang mga binti. “Ibang klase na ’tong gutom ko.”

“Saan mo gustong kumain?”

“*McDo!*” tukso ni Josh na naupo sa kanyang tabi.

“Utang na loob naman! Kahit *Jollibee* naman.”

Tumawa ang mga kaibigan at sinabihan ni Ethan ang

kanilang driver na ipagmaneho sila patungong *The Fort*. Nagkuwentuhan sila at nagtawanan patungo sa isang restaurant. Nakaupo na sila sa mga mesa sa *Chef Laudico's Bistro Filipino* sa Bonifacio Global City, hindi pa rin sila nagkakaroon ng ni isang segundo ng katahimikan.

“So, kailan ko ba makikilala ’yang mga girlfriends ninyo?” tanong ni Kendrick nang makalayo ang serbidor. Pinanood niyang lumitaw ang masasayang ngiti sa mga labi ng dalawang lalaki. Tumawa siya. “Diyos ko po! Ang corny ninyong dalawa.”

Tumawa na rin ang mga ito.

Si Ethan ang unang nagsalita. “Kung corny kami, naaawa naman kami sa ’yo. Hindi mo alam kung ano’ng nami-miss mo sa pagiging single mo.”

Umikot ang mga mata ni Kendrick. “Okay lang akong single,” sabi niya. “Alalahanin ninyo, I hate commitments.”

“Maniwala ka, Bro,” sabi ni Josh. “Masarap ang commitment sa tamang babae.”

Natatawa siyang napailing. “Saka na natin pag-usapan ang pagkakaiba ng single blessedness ko at ng pagiging committed ninyo. Tell me about the Medranos. Curious ako sa kanila.”

Nagpalitan ng tingin ang dalawa.

“They’re really special,” ani Josh. “And not because we’re dating two of them. They’re really special.” Ngumiti ito na para

bang may ibang ibig sabihin ang salitang 'special' kapag patungkol sa magkakapatid. "In-establish nila 'yong boutique nila as soon as Alethea, 'yong baby ng pamilya, received her trust fund."

"A some sort of New Age boutique, right?" tanong niya.

"Yeah," sabi ni Ethan na inalis ang mga braso sa ibabaw ng mesa nang dumating ang serbidor para i-deliver ang kanilang mga inumin. "Malapit na dito 'yong site. We can bring you there if you want kaya lang marumi pa 'yon."

"N'ong isang araw lang namin nakuha 'yong go-ahead galing sa pulis na puwede na kaming bumalik," patuloy ni Josh. "Kakatapos lang i-check ng insurance company 'yong site."

Ipinatong niya ang mga braso sa ibabaw ng mesa. "You almost died, man," seryosong sabi niya.

Mahinang tumawa si Josh bago nagkibit-balikat. "Masamang damo. Mahirap mamatay."

"How are they taking it?" patungkol niya sa mga Medrano.

"Pretty well for people who lost their livelihood," sabi ni Ethan. "Actually, nagsisimula na nga sila ulit gumawa ng mga products nila. Open na ulit 'yong online store. They're strong women."

"And beautiful," dagdag ni Joshua. "Lahat sila magaganda."

Hinugot nito ang cell phone mula sa bulsa, nagpunta sa

folder ng *Images* at ipinagmalaki sa kanya ang larawan ng nobya nitong kilala niya bilang si Cordelia. Maganda nga ang babae. Her smile was beautiful and her eyes sparkled with love and laughter, malamang para sa lalaking kumuha ng larawan nito.

Iniabot din ni Ethan sa kanya ang cell phone nito para ipakita ang larawan nito at ni Cleo. Mukhang model pala ang panganay na Medrano. Na-excite tuloy siyang makita iyong dalawang bunso. Lumabas ang isang pilyong ngiti sa mga labi niya.

“Don’t even think about it,” banta ni Ethan.

“Bakit?” inosente niyang tanong.

“Kilala ka namin,” sagot ng kaibigan. “Subukan mong lokohin si Soya o si Thea, puputulin ko lahat ng mahahalagang parte ng katawan mo.”

Imbis na matakot o mainsulto, malakas siyang tumawa. Kilala siya ng mga kaibigan. Hindi niya maikakaila na hindi siya pang-serious relationship. Kilala rin niya ang mga ito. Kapag nag-girlfriend—seryoso sa relasyon. Umaabot ng taon.

Siya, dalawang buwan na yata ang pinakamatagal niyang relasyon. If these two fell in love with two of the Medrano women, indikasyon na iyon na pang-girlfriend o asawa ang mga babae sa pamilyang iyon at hindi pang-fling. Ibig sabihin, none of them were his type.

“Huwag kayong mag-alala,” sabi niya. “Wala akong balak.

Enticed - Elise Estrella

Professional ako, promise. Arkitekto lang ako at kliyente ko sila. No monkey business.”

“Dapat lang,” ani Ethan.

Tumawa siya bago nilingon ang serbidor na may dalang tray ng in-order nilang pagkain. Okoy, ensaladang mangga, kare kare, crispy pata at kanin. Maraming-maraming kanin.

Masayang nagkiskis ng palad si Kendrick bago sila nagsimulang kumain. It was definitely good to be home.